

PAUNAWA NG MGA PANANGGALANG SA PAMAMARAAN

Agosto, 2016

Ang misyon ng Kagawaran ng Aktibidad ng Edukasyon ng Depensa (Department of Defense Education Activity [DoDEA]) ay ang magkaloob ng mahusay na programang pang-edukasyon na naghahanda sa lahat ng mga estudyante para sa tagumpay sa isang pandaigdigang kapaligiran. Naniniwala kami na sa pamamagitan ng pantay-pantay na pag-akses sa mahusay na edukasyon, ang lahat ng mga bata ay maaaring mahamon upang makamit ang kanilang pinakamahusay sa paaralan, at ang lahat ay maaaring maging matagumpay na mga mag-aaral at produktibong mga adulto. Sa DoDEA, ang mga estudyanteng may kapansanan ay pinagkakalooban ng Libreng Angkop na Pamublikong Edukasyon (Free Appropriate Public Education [FAPE]) sa pinakamababang antas ng paghihigpit na kapaligiran batay sa mga indibiduwal na pangangailangan ng estudyante at alinsunod sa mga angkop na batas at mga regulasyon. Ang Paunawa sa Mga Pananggalang sa Pamamaraan na ito ay dinisenyo para matulungan kang mas maunawaan ang iyong mga pamamaraan sa mga pananggalang habang nagtatrabaho tayong magkasama para matulungan ang iyong estudyanteng makatanggap ng angkop na edukasyon. Kung gusto mong makuha ang paunawang ito sa iyong katutubong wika, dapat kang makipag-ugnayan sa punong-guro ng paaralan na magbibigay ng kahilingan, maliban kung malinaw na hindi ito maaaring gawin.

PANIMULA

Ang dokumentong ito ay nagbibigay sa mga magulang ng mga batang may mga kapansanan mula sa edad na 3 hanggang edad na 21 ng isang pangkalahatang pananaw ng kanilang mga karapatan sa edukasyon na nauukol sa espesyal na edukasyon. Nagbibigay ang Abisong ito ng pamamaraan sa mga pananggalang ayon sa kahulugan sa Tagubilin ng Kagawaran ng Depensa (Department of Defense [DoD]) 1342.12, “Pagkaloob ng mga Serbisyong Maagang Pamamagitan at Espesyal na Edukasyon sa mga Karapat-dapat na mga Dependyente ng DoD,” na may petsang Hunyo 17, 2015.

Ang Paunawa sa Mga Pananggalang sa Pamamaraan na ito ay dapat ipagkaloob:

- Minsan bawat taon;
- Sa unang pagkakataon na ang iyong anak ay inirekomenda para sa pagsusuri ukol sa espesyal na edukasyon o hiling ng magulang para sa pagsusuri;
- Sa pagkakatanggap ng isang reklamo para sa angkop na proseso sa unang pagkakataon;
- Sa petsa ng pagpapasiyang alisin ang batang may kapansanan dahil sa maling asal, kung ang pag-aalis ay magbabago ng paglalagyang lugar ng bata; at
- Sa kahilingan ng magulang.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

Ang mga programa at serbisyo sa espesyal na edukasyon ng DoDEA ay ipinagkakaloob alinsunod sa Manwal 1342.12 ng Kagawaran ng Depensa (Department of Defense [DoD]) , “Pagkaloob ng mga Serbisyong Maagang Pamamagitan at Espesyal na Edukasyon sa mga Karapat-dapat na mga Dependyente ng DoD,” may petsang Hunyo 17, 2015. Ang isang kopya ng Manwal na ito ay maaaring makuha mula sa mga sumusunod na web address:

<http://www.dodea.edu/Curriculum/specialEduc/pubs.cfm>

Ang Komite sa Pag-aaral ng Kaso (Case Study Committee [CSC]) ng DoDEA ay tumutukoy sa isang maraming-disiplinang pangkat ng mga espesyal na tagapagturo, mga regular na tagapagturo, mga tauhan ng mga kaugnay na serbisyo, mga administrador, at kayo, ang magulang. Ang hinihinging komposisyon ng isang CSC ay magdedepende sa mga aktibidad na dapat gawin. Ang CSC ay nagkakaloob ng pangangasiwa sa programang espesyal na edukasyon ng paaralan at lahat ng mga aktibidad na tuwirang may kaugnayan sa isang estudyanteng ipinasiyang karapat-dapat sa ilalim ng Instruksiyon 1342.12 (tinukoy sa itaas) ng DoD. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa CSC na Komite ng paaralan ng iyong anak, mangyaring kausapin ang administrador ng paaralan.

Ang inyong lokal na paaralan ang unang dapat puntahan para sa karagdagang impormasyon na nauukol sa programang pang-edukasyon ng iyong anak. Ang guro ng iyong anak sa silid-aralan at administrador ng paaralan ay nakahandang sumagot sa mga katanungan at harapin ang iyong mga alalahanin. Para sa mga katanungan na nauukol sa mga pamamaraan sa espesyal na edukasyon ng distrito, ang Espesyalista ng Mga Sistema ng Pagtuturo (Instructional Systems Specialist [ISS]) ng Espesyal na Edukasyon ng Distrito ay naroon. Ang taong ito ay matatagpuan sa lokal na Opisina ng Superintendente ng Distrito.

PAGLAHOK NG MAGULANG

May karapatan kang dumalo sa anumang mga pagpupulong ng CSC para matukoy ang pauna o patuloy na pagiging karapat-dapat ng anak mo para sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, para ihanda o baguhin ang Programang Pang-indibidwal na Edukasyon (Individualized Education Program [IEP]) ng iyong anak, o para alamin o baguhin ang paglalagyang lugar ng anak mo. Kung hindi makakadalo sa isang pagpupulong, maaari kang lumahok sa pamamagitan ng komperensiya sa pamamagitan ng telepono o video. Karaniwan, ang mga desisyon sa paglalagyang lugar ay hindi gagawin nang walang paglahok mo maliban kung ang paaralan ay hindi nagtagumpay sa mga nakadokumentong pagtatangka nito na kunin ang inyong paglahok.

PAUNANG NAKASULAT NA PAUNAWA

Bilang karagdagan sa paglahok sa mga pagpapasiya tungkol sa programang espesyal na edukasyon ng inyong estudyante, may karapatan ka na tumanggap ng nakasulat na dokumentasyon na tinatawag na "Prior Written Notice" (PWN) o Paunang Nakasulat na Paunawa sa loob ng makatwirang panahon bago gumawa ng mga partikular na aksyon ang DoDEA. Ang sumusunod ay listahan ng mga aktibidad o mga aksyon na nangangailangan ng PWN:

- Pinapanukala ng CSC na simulan ang pagsusuri ng inyong anak (o tinanggihan ang isang hiling para sa isang pagsusuri);
- Nalaman ng CSC na ang anak mo ay karapat-dapat para sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon (o napag-alaman na ang anak mo ay hindi karapat-dapat para sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon);
- Nagmumungkahi ang CSC ng pagbabago sa programang pang-edukasyon/paglalagay ng inyong anak (hal. isang paunang IEP o pagbabago sa kasalukuyang IEP) (o tinanggihan ang hiling mo para sa pagbabago sa programa ng/paglalagay sa iyong anak).

Kabilang sa dokumentasyon ng PWN ang:

- Isang paglalarawan ng aksyon na iminungkahi o tinanggihan ng DoDEA;

- Isang paliwanag kung bakit ang DoDEA ay nagmumungkahi o tumatanggi sa aksyon;
- Isang paglalarawan ng impormasyon o datos na ginamit bilang batayan sa mungkahi o pagtanggap ng DoDEA;
- Isang paglalarawan ng anumang ibang mga mapagpipilian na isinaalang-alang ng DoDEA nguni't tinanggihan at ang mga dahilan kung bakit ang mga opsyon ay tinanggihan;
- Isang paglalarawan ng anumang ibang mga bagay na may-kaugnayan sa pasiya ng DoDEA;
- Isang pahayag ng iyong mga pananggalang sa pamamaraan at impormasyon tungkol sa kung saan maaaring makakuha ng isang kopya ng inyong mga pananggalang sa pamamaraan;
- Mga mapagkukunan para makontak mo upang makakuha ng tulong sa pag-intindi ng iyong mga karapatan; at
- Mga pamamaraan sa paglutas ng pagtanggap, kasama ang paglalarawan sa pamamagitan, paano magsampa ng reklamo, mga pamamaraan sa pagdinig ng angkop na proseso at mga angkop na takdang panahon.

PAHINTULOT NG MAGULANG

Ang iyong nakasulat na pahintulot ay kailangan para sa maraming mga aksyon na gagawin ng mga tauhan ng paaralan sa paghahatid ng mga serbisyong pang-edukasyon sa paghahatid ng FAPE para sa iyong anak. Mahalaga sa DoDEA na ikaw ay lubos na nabigyan ng kaalaman tungkol sa aktibidad na kung saan hinihingi ang iyong pahintulot. Kung gusto mo ng paunawang ito sa iyong katutubong wika, dapat kang makipag-ugnayan sa punong-guro ng paaralan upang malaman kung ang iyong kahilingan ay maaaring gawin.

Kailangan ng Pahintulot

Ang Unang (Inisyal) Pagsusuri ng Pagiging Karapat-dapat sa Espesyal na Edukasyon

Kailangan ng DoDEA ang iyong may-kaalamang pahintulot bago isagawa ang inisyal na pagsusuri sa iyong anak. Kung mayroon kang mga alalahanin o mga tanong tungkol sa proseso at ayaw mong magbigay ng pahinulot, nabigo kang sumagot o lumahok sa proseso, o sa kalaunan ay tumangging magbigay ng pahintulot para sa inisyal na pagsusuri, ang DoDEA ay:

- Makikipagtulungan sa iyo para lutasin ang mga tanong at mga alalahanin;
- Magsisikap na mapanatili ang kooperatibong pakikipagsosyohan sa pagsuporta sa progreso ng edukasyon ng anakmo.

May karapatan din ang DoDEA na isulong ang pormal na paglutas ng pagtanggap (iyon ay, walang kinikilingang nakatakdang mga pamamaraan na proseso) kung may katibayan na ang progreso sa edukasyon ng anak mo ay nahahadlangan ng epekto ng pinaghihinalaang kapansanan. Kung ikaw ay tumangging magbigay ng iyong pahintulot sa unang pagsusuri, hindi lumalabag ang DoDEA sa inaatas na pagsasagawa ng paghahanap ng anak, inisyal na pagsusuri o mga tungkuling sumunod sa mga pamamaraan ng pagsusuri o gumawa ng determinasyon sa pagiging karapat-dapat at sumulat ng isang IEP.

Unang Paglalagay sa lugar (Paghahatid ng Serbisyo) sa Espesyal na Edukasyon

Kung makitang nararapat ang anak mo para sa mga espesyal na edukasyong serbisyo makalipas makumpleto ang inisyal na pagsusuri, ikaw ay aatasang lumahok sa paggawa ng IEP.

Kikilalanin ng programang ito ang mga pangangailangan ng anak mo at mga iminumungkahing serbisyo para matugunan ang mga pangangailangan nila. Para sa inisyal na IEP na ito, dapat mong ibigay ang iyong may-kaalamang pahintulot bago mailagay ng DoDEA ang iyong anak sa isang espesyal na edukasyong programa at simulan ang pagbibigay ng serbisyo. Sa paglagda ng IEP, magsisimula ang anak mong makatanggap ng mga serbisyo ayon sa petsa ng pagsisimula na nakatukoy sa IEP. Kung tanggihan mo ang inisyal na pahintulot para sa mga serbisyo, hindi ituturing na lumabag ang DoDEA sa inaatas na gawing available ang isang FAPE sa estudyante para sa kabiguan nitong ibigay ang mga serbisyong iyon sa estudyante kung saan ang pahintulot ng magulang ay hiniling at tinanggihan.

Muling Pagsusuri

Kapag nakitang nararapat ang anak mo at nakakatanggap ng mga serbisyo para sa espesyal na edukasyon, mahalagang tumpak na maisalamin ng programang pang-edukasyon ang kanilang progreso at mga pangangailangan. Ang isang kopyang muling pagsusuri ng iyong anak ay dapat na isagawa *nang hindi bababa* sa isang beses isang taon (iyon ay, pagsusuri na kada tatlong taon at pagrepaso) ngunit maisasagawa nang mas maaga sa tatlong taon kung kailangang isaalang-alang ang kumpletong update sa programa ng anak mo bago ang petsa ng ikatlong taon.

Nilalayon ang proseso ng muling pagsusuri para malaman kung patuloy na kakailanganin ng anak mo ang dalubhasang pagtuturo at paglalagay sa espesyal na edukasyon. Maaari o maaaring hindi mag-atas ang prosesong ito ng pamamahala ng mga pamamaraan ng pormal na pagsusuri.

Kung magpasiya ang CSC na ang pormal na pagsusuri ay kailangan para sa bawa't tatlong taong pagrepaso, hihingiin nito ang pahintulot mo. Kung hilingin mo na magsagawa ng pagsusuri, hihingiin ng DoDEA ang pahintulot mong magpatuloy sa pagsusuri. Idodokumento ng CSC na nagsagawa ng mga makatwirang pagsisikap upang makuha ang iyong pahintulot at kung ang pahintulot ay hindi nakuha, magpapatuloy ang DoDEA sa pagsusuri dahil hindi inaatas ang pahintulot ng magulang para sa muling pagsusuri.

Kung magpasiya ang CSC na ang pormal na pagsusuri ay hindi kailangan para sa bawa't tatlong taong pagrepaso, bibigyan ka ng mga dahilan para sa pasiyang ito. Ang ibang datos (hal. mga ulat ng tagapaglaan ng serbisyo, mga obserbasyon, input ng guro, input ng magulang) ay magagamit sa binagong bawa't tatlong taong profile.

May karapatan kang hilingin na isagawa ang mga pormal na pamamaraan sa pagsusuri. Dapat igo ang CSC ang hiling mo para sa mga updated na pagtatasa at kumpletuhin ang mga pagtatasa bago ang petsa ng bawa't tatlong taong pagrepaso.

Hindi Kailangan ng Pahintulot

Ang pahintulot ng magulang ay hindi iniaatas para sa:

- Pagrepaso ng CSC ng kasalukuyang impormasyon bilang bahagi ng isang pagsusuri o muling pagsusuri;
- Pagsasagawa ng mga obserbasyon ng isang silid-aralan;

- Pagbibigay ng isang pagsubok o pagsusuri na ibinibigay sa lahat ng mga estudyante maliban kung ang pahintulot ay iniaatas sa lahat ng mga magulang ng mga estudyante bago ibigay ang pagsubok;
- Pagsasagawa ng mga pamamaraan sa pagsusuri na tinukoy sa IEP ng estudyante bilang isang panukat para sa pag-aalam ng progreso.

Pagbawi ng Pahintulot

Pagkatapos ibigay sa DoDEA ang iyong nakasulat na pahintulot para sa pagsusuri, muling pagsusuri o paglalagay sa lugar ng mga espesyal na edukasyong serbisyo, maaari mong ipawalang-bisa ang iyong nakasulat na pahintulot sa anumang oras. Dapat mong abisuhan ang DoDEA *sa pamamagitan ng sulat* ng pagpapawalang-bisa mo ng iyong pahintulot.

- Kung binawi mo ang pahintulot mo sa proseso ng pagsusuri, ang pagbabawi ng pahintulot ay para lang sa mga aktibidad ng pagsusuri na hindi pa nakumpleto. Ang mga bahagi ng pagsusuring nakumpleto na ay mananatiling balidong bahagi ng rekord ng edukasyon ng anak mo.
- Kapag binawi mo ang iyong pahintulot para sa pagbibigay ng mga espesyal na edukasyong serbisyo, lahat ng mga serbisyo at mga akomodasyon ay wawakasan kapag natanggap ang pagbawi mo ng pahintulot. Bibigyan ka ng DoDEA ng PWN bago ihinto ang mga serbisyo. Ipapakita ng PWN na ang anak mo ay hindi ituturing na may kapansanan o bibigyan ng proteksiyon sa ilalim ng Individuals with Disabilities Education Act (IDEA) o Batas Pang-edukasyon ng mga Indibiduwal na may Kapansanan, ayon sa pinatutupad sa DoD ng DoDI 1342.12 at DoDM 1342.12.
- Kapag binawi mo ang pahintulot mo para sa pagbibigay ng partikular na edukasyon o kaugnay na serbisyo, at ikaw at mga miyembrong paaralan ng CSC ay sumang-ayon na ang anak mo ay bibigyan ng FAPE kung hindi natanggap ng anak mo ang serbisyong iyon, ang IEP ng anak mo ay maaaring baguhin para alisin ang serbisyo, at magbibigay ang DoDEA ng PWN.
- Kung ikaw at ang mga miyembrong paaralan ng CSC ay hindi nagkakasundo sa kung ang iyong anak ay bibigyan ng FAPE kung hindi nakatanggap ang anak mo ng partikular na serbisyo, maaari mong gamitin ang pamamagitan o mga pamamaraan sa nakatakdang proseso para makakuha ng isang pagpapasiya sa kung ang serbisyo na iyong hindi sinasang-ayunan ay angkop o hindi angkop at kailangan para makatanggap ang anak mo ng FAPE, ngunit hindi maaaring ihinto ng paaralan ang pagbibigay ng partikular na serbisyo maliban kung sumang-ayon ang paaralan na hindi ito kailangan o ang pagpapasiya ay ginawa sa paraan ng pamamagitan o mga angkop na pamamaraan.

INDEPENDENT EDUCATIONAL EVALUATION (IEE)

O INDEPENDIYENTENG PAGSUSURI NA PANG-EDUKASYON

Ang isang independiyenteng pagsusuri na pang-edukasyon ay isinasagawa ng isang kuwalipikadong taga-iksamen na hindi empleyado ng alin sa DoDEA o ng (Educational and Developmental Intervention Service [EDIS]) o Serbisyong Pamamagitan Pang-edukasyon at Ukol sa Pagpapaunlad. May karapatan ka sa isang IEE sa anumang oras, sa sarili mong gastos.

Kung hindi ka sang-ayon sa mga natuklasan ng pagsusuri sa sistema ng paaralan ng DoDEA maaari kang humiling ng IEE sa gastos ng DoDEA. Dapat ipakita ang hiling na ito sa pamamagitan ng sulat. Sa pagtanggap ng nakasulat na kahilingan mo para sa IEE, dapat kumilos

ang DoDEA sa hiling na ito nang walang pag-aantala. May karapatan ka sa isang IEE lamang na gastos ng sistema ng paaralan DODEA bilang katugunan sa isang naibigay na pagsusuri ng sistema ng paaralan ng DoDEA kung saan ikaw ay hindi sang-ayon.

Dapat sumang-ayon ang DoDEA na pondohan ang IEE o simulan ang nakatakdang prosesong pagdinig para ipakita na ang pagsusuri ng sistema ng paaralan ng DoDEA, na kung saan ikaw ay hindi sang-ayon, ay angkop. Kung sumang-ayon ang DoDEA na pondohan ang IEE, tutukuyin nito ang pamantayan ng ahensiya para sa mga bahagi ng angkop na pagsusuri. Maaaring tukuyin ng DoDEA ang mga tagapaglaan na makatutugon sa mga pamantayang ito. Hindi ka inaatasang pumili sa isa sa mga minumungkahing tagapaglaang ito; subalit, ang napili mong tagapaglaan ay dapat makapagbigay sa iyo ng pagsusuri na nakatutugon sa pamantayan ng ahensiya. Hindi inaatasan ang DoDEA na pondohan ang IEE na hindi nakatutugon sa pamantayan ng ahensiya.

Kapag hindi pinondohan ng DoDEA ang IEE, dapat itong magsimula ng nakatakdang prosesong pagdinig. Kung napag-alaman ng Opisyal ng Pagdinig na ang pagsusuri ng DoDEA ay angkop, hindi aatasan ang DoDEA na pondohan ang IEE. Maaari ka pa ring makakuha ng IEE sa personal na gastos.

Pagsasaalang-alang ng Mga Natuklasan ng IEE

Ang isang IEE na nakuha sa DoDEA o pribadong gastos ng (magulang) ay isasaalang-alang ng CSC sa anumang mga pasiyang patungkol sa FAPE ng anak mo. Subalit, dapat isaalang-alang ng CSC ang lahat ng magagamit na impormasyon sa mga pagpapasiyang nakakaapekto sa pagiging karapat-dapat ng iyong anak, paglalagay, IEP, mga serbisyo at FAPE. Ang mga resulta at mga rekomendasyon mula sa IEE ay isasaalang-alang kasama ng lahat ng ibang datos. Mag-isa, ang IEE ay hindi nagsisilbi bilang tanging batayan ng mga desisyon ng anak mo sa edukasyon.

AKSES SA MGA REKORD NA PANG-EDUKASYON

Bilang magulang, ikaw (o ang iyong awtorisadong kinatawan), ay may karapatan na siyasatin at/o repasuhin ang anumang mga rekord na may kaugnayan sa iyong anak, na tinitipon, pinananatili, o ginagamit ng inyong lokal na distrito ng paaralan o ng sistema ng paaralan ng DoD na iniaatas ng Batas ng 1974 sa Pagkapribado (Privacy Act of 1974 [PA]), gaya ng sinusugan, 5 U.S.C. 552a, gaya ng ipinatutupad ng Direktiba 5400.11-R ng DoD, “Programang Pagkapribado ng DoD.” <http://www.dodea.edu/Curriculum/specialEduc/parentsInfo.cfm>

Ang mga rekord ng Batas sa Pagkapribado ay ang mga nakatala sa ilalim ng pangalan mo, o ng pangalan ng iyong anak, o isang personal na numero ng identipikasyon o ibang personal na pagkakakilanlan tulad ng address o (mga) personal na katangian na ginagawang posible na makilala ang estudyante nang may makatwirang katiyakan. Kabilang sa mga rekord na ito ang mga kompidensiyal na rekord na pang-edukasyon ng iyong anak, pati na ang mga rekord ng espesyal na edukasyon, pagpaparehistro, pagdalo, kalusugan, at mga ulat ng pagdisiplina na pinananatili sa paaralan.

PAGLALABAS NG MGA REKORD

Ayon sa Batas ng Pagkapribado, hindi kailangan ang pahintulot ng magulang sa pagsisiwalat ng mga rekord sa DoDEA o sa mga opisyal ng Kagawaran ng Depensa (DoD). Ang pagsisiwalat ng

mga rekord sa kontratista para gamitin sa pagsasagawa ng kontratang DoD ay tinuturing na pagsisiwalat sa loob ng DoD. Karaniwang kailangan ang nakasulat na pahintulot ng magulang kung ang mga rekord ng anak mo ay ibibigay sa mga ikatlong partido sa labas ng DoD. Subalit, sa ilang sitwasyon, ang mga rekord ay maaaring ibigay sa mga ikatlong partido nang walang pahintulot ng magulang (hal. kung ang pagsisiwalat ay awtorisado sa ilalim ng Batas ng Pagkapribado para isama, ngunit hindi limitado sa, mga pagsisiwalat sa tauhan ng pagpapatupad ng batas o mga pagsisiwalat para protektahan ang kalusugan at kapakanan ng estudyante o iba, atbp.).

DISIPLINA NG PAARALAN AT PAGLALAGAY SA PANSAMANTALANG ALTERNATIBANG KAPALIGIRANG PANG-EDUKASYON

Ang lahat ng mga patakaran at pamamaraan ng paaralan ay na-a-aplay sa mga estudyanteng may mga kapansanan. Subalit, ang mga estudyanteng may mga kapansanan ay binibigyan ng mga partikular na proteksiyon at pamamaraan para matiyak na hindi sila mapagkakaitan ng mga serbisyo para sa espesyal na edukasyon sa panahon ng mga pandisiplinang aksyon. Bilang karagdagan, ang ilang mga estudyanteng may mga kapansanan ay nagpapamalas ng maling asal na isang palatandaan ng kanilang kapansanan. Para sa mga estudyanteng ito, mahalaga na kasama sa kanilang pang-edukasyong programa ang mga estratehiya at tagubilin para mabawasan ang kalamangang magkaroon ng maling asal o pag-uugali na magreresulta sa mga pandisiplinang insidente.

Ang estudyanteng may kapansanan na gumagawa ng maling asal ay maaaring mabigyan ng pandisiplinang aksyon na mag-alis sa estudyante mula sa kaniyang pang-edukasyong programa (hal. pagsuspindi). Ayon sa DoDM 1342.12, Kalakip 4, talata 12.b, ang pagtatanggal ay tinuturing na pagbabago sa paglalagyang lugar kung ang estudyante ay inalis mula sa kanyang kasalukuyang akademikong pagkakalagay sa lugar nang mahigit sa sampung magkakasunod na araw o serye ng pagkatanggal na umaabot sa mahigit sa sampung araw ng pagpasok sa paaralan sa taon ng pag-aaral at pagpapasiyahan ng CSC bilang pattern ng maling pag-asal. Ang pagpapasiya ay ginagawa sa batayang ayon sa kaso at sasailalim sa pagrepaso ng Opisyal ng Pagdinig. Iabase ng CSC ang pagpapasiya nito batay sa kung ang bata ay sumailalim sa serye ng pagkatanggal na bumubuo ng pattern sa pamamagitan ng pagsusuri kung:

- (a) Ang asal ng estudyante ay makabuluhang katulad ng kanyang asal sa mga nakaraang insidente na nagresulta sa serye ng pagkatanggal; at
- (b) Ang mga karagdagang salik tulad ng tagal ng bawat pagkatanggal, ang kabuuang oras na ang estudyante ay inalis at ang pagkakalapit ng mga pagkatanggal sa isa't isa.

Sa petsa na ginawa ang pasiyang alisin ang estudyanteng may kapansanan dahil sa maling asal, kapag ang pag-alis ay magbabago sa paglalagyang lugar ng estudyante, dapat abisuhan ng paaralan ang mga magulang tungkol sa pasya at bigyan ang mga magulang ng Paunawa ng mga Pananggalang sa Pamamaraan.

Sa loob ng sampung araw mula sa pagkatanggal na bumubuo sa pagbabago sa paglalagyang lugar, inaatasan ang CSC na magsagawa ng pagpupulong para mapagpasiyahan kung ang maling

pag-asal ng estudyante ay *palatandaan* ng kanilang kapansanan. Tinatawag itong pagpupulong para sa *pagpapasiya ng palatandaan*.

Ang pulong para sa pagpapasiya ng palatandaan ay magtitika kung:

- Ang asal ng estudyante ay sanhi ng o may direkta at malaking relasyon sa kanilang kapansanan; o
- Ang asal ng estudyante ay direktang resulta ng kabiguan ng paaralan na ipatupad ang IEP.

Sa panahon ng pagpupulong para sa pagpapasiya ng palatandaan, lahat ng mahalagang impormasyon kabilang ang mga resulta ng pagsusuri, mga obserbasyon sa anak mo, impormasyong binigay mo, ang IEP ng anak mo at kasalukuyang paglalagyang lugar ay rerepasuhin.

Ang Asal Ay *Hindi* Isang Palatandaan ng Kapansanan

Kung ang asal ay ipinasiyang hindi palatandaan ng kapansanan ng iyong anak, ang mga pamamaraang pandisiplina ng DoDEA na na-a-apply sa mga mag-aaral na walang kapansanan ay maaaring gamitin, pati na ang paglalagyang lugar sa isang panghaliling kapaligirang pang-edukasyon. Ang paaralan ay patuloy na may tungkulin na magkaloob sa iyong anak ng mga serbisyong espesyal na edukasyon.

Ang Asal Ay Isang Palatandaan ng Kapansanan

Kung ang asal na itinatanongay ipinasiyang isang palatandaan ng kapansanan ng iyong anak, pag-iisipan ng CSC at magsisimula ng mga angkop na pag-aakma sa programa ng estudyante (hal. magsasagawa ng pagtatasa sa pagganap ng asal, magpapatupad ng isang planong pamamagitan sa asal, at babaguhin ang mga akomodasyon o ibang mga aspeto ng IEP kung kailangan). Dapat ibalik ng paaralan ang anak mo sa pagkakalagay sa lugar kung saan inalis ang anak mo, maliban kung nagkasundo kayo ng paaralang baguhin ang pagkakalagay sa lugar o may mga umiiral na espesyal na sirkumstansiya, ayon sa tinalakay sa talata (2) ng seksyon sa “Alternatibong Kapaligirang Pang-edukasyon” na kasunod.

Ang Asal ay Resulta ng Kabiguang Ipatupad ang IEP

Kung ang maling asal ng estudyante ay natukoy bilang resulta ng kabiguang ipatupad ang IEP, rerepasuhin ng CSC ang kasalukuyang IEP at magpapasiya sa mga angkop na pagkilos at/o pagbabago sa programa ng estudyante para tugunan ang asal/maling asal ng estudyante. Dapat ibalik ng paaralan ang anak mo sa pagkakalagay sa lugar kung saan inalis ang anak mo, maliban kung nagkasundo kayo ng paaralang baguhin ang pagkakalagay sa lugar o may mga umiiral na espesyal na sirkumstansiya, ayon sa tinalakay sa talata (2) ng seksyon sa “Alternatibong Kapaligirang Pang-edukasyon” na kasunod.

Alternatibong Kapaligirang Pang-edukasyon (AES)

Maaaring alisin ng tauhan ng paaralan ang estudyanteng may kapansanan dahil sa maling asal mula sa kanyang kasalukuyang pagkakalagay sa lugar:

- (1) Sa isang angkop na pansamantalang alternate educational setting (AES) o alternatibong kapaligirang pang-edukasyon, ibang kapaligiran o pagsuspende nang hindi mahigit sa 10

magkakasunod na araw ng pagpasok sa paaralan sa hangganan na ang mga alternatibang iyon ay inaplay sa mga estudyanteng walang mga kapansanan (halimbawa, pagtanggap sa estudyante mula sa silid-aralan papunta sa aklatan ng paaralan, sa ibang silid-aralan, o sa tahanan ng estudyante), at para sa mga karagdagang pag-aalis ng hindi hihigit sa 10 magkakasunod na araw ng pagpasok sa paaralan sa parehong taon ng pag-aaral para sa magkaka-hiwalay na insidente ng maling asal sa kondisyon na natukoy ng CSC na ang mga pag-alis na iyon ay hindi bubuo ng isang pattern ng maling pag-asal; o

- (2) Sa isang AES na napagpasiyahan ng CSC nang hindi hihigit sa 45 araw ng pagpasok sa paaralan, nang walang pagtatangi kung ang asal ay napagpasiyahan na isang palatandaan ng kapansanan ng estudyante, kung ang estudyante, na nasa paaralan, nasa transportasyong nilaan ng paaralan, sa lugar ng paaralan o sa kaganapan na tinaguyod ng paaralan:
 - (a) Ay may dalang armas o mayroong armas;
 - (b) May kabatirang nag-aari o gumagamit ng ilegal na droga o nagtitinda o nag-aalok ng pagbebenta ng kontroladong sangkap; o
 - (c) Nagdulot ng malalang pinsala sa katawan ng ibang tao; o
- (3) Sa isang AES na napagpasiyahan ng CSC, ibang kapaligiran o pagsuspindi nang mahigit sa 10 araw na pagpasok sa paaralan, kung saan ang asal na nagdulot sa paglabag ay napagpasiyahan ng CSC na hindi isang palatandaan ng kapansanan ng mag-aaral.
- (4) Makalipas ang pinabilis na pagdinig kung sa paniwala ng tauhan ng paaralan na ang pagbabalik ng estudyante sa kasalukuyan niyang pagkakalagay sa lugar sa edukasyon ay malaki ang kalamangang magdulot ng pinsala sa estudyante o sa ibang tao.

Mga Kailangang Serbisyo sa Panahon ng Pagtanggap

- (1) Kung inalis ang isang estudyanteng may kapansanan mula sa kanyang pagkakalagay sa lugar nang 10 magkakasunod na araw ng pagpasok sa paaralan o mas kaunti sa taon ng paaralan, inatasan ang paaralang magbigay lang ng mga serbisyong maihahambing sa mga serbisyo na nilalaan nito sa mag-aaral na walang kapansanan na tinanggal din.
- (2) Kung inalis ang isang estudyanteng may kapansanan sa pagkakalagay niya sa lugar nang mahigit sa 10 araw ng pagpasok sa paaralan, kung saan ang asal na nagdulot ng paglabag ng kodigo ng paaralan ay napagpasiyahang hindi isang palatandaan ng kapansanan ng estudyante, o inalis na walang alintana kung ang asal ay napagpasiyahang isang palatandaan ng estudyante batay sa isa sa mga espesyal na sirkumstansiya na tinalakay sa talata (2) ng naunang seksiyong pinamagatan na “Alternatibong Kapaligirang Pang-edukasyon,” ang paaralan ay dapat:
 - (a) Magpatuloy na magbigay sa estudyante ng mga pang-edukasyong serbisyo ayon sa natukoy ng IEP ng mag-aaral bilang FAPE upang bigyang-kakayahan ang estudyanteng magpatuloy sa paglahok sa kurikulum ng pangkalahatang

edukasyon, bagaman sa ibang kapaligiran, at sumulong patungo sa pagtugon sa mga layuning naitakda sa IEP ng bata.

- (b) Magbigay, gaya nang naangkop, ng isang pagtatasa sa asal sa paggana at mga serbisyo ng pamamagitan sa pag-asal at mga pagbabagong dinesenyo para tugunan ang paglabag na asal upang hindi ito maulit.
- (3) Kung ang isang estudyanteng may kapansanan ay tinanggal nang mahigit sa 10 magkakasunod na araw ng pagpasok sa paaralan at ang kasalukuyang pagkatanggal ay para sa 10 araw ng paaralan o mas kaunti, dapat mapagpasiyahan ng CSC kung ang pattern ng mga pagkatanggal ay bumubuo ng pagpalit sa pagkakalagay sa lugar sa pamamagitan ng pagpapasiya kung ang estudyante ay sumailalim sa serye ng pagkatanggal na bumubuo sa pattern ng maling asal. Kung mapagpasiyahan ng CSC na ang pattern ng mga pagkatanggal ay HINDI isang pagbabago sa pagkakalagay sa lugar, dapat mapagpasiyahan ng CSC ang hangganan kung saan kailangan ang mga serbisyo para bigyang kakayahan ang batang magpatuloy na lumahok sa kurikulum ng pangkalahatang edukasyon, bagaman sa ibang kapaligiran, at umunlad patungo sa pagkamit ng mga itinakdang layunin sa IEP ng bata. Kung mapagpasiyahan ng CSC na ang pattern ng mga pagkatanggal AY isang pagbabago sa pagkakalagay sa lugar, kung gayon ang CPC ay dapat magsagawa ng isang pagpapasiya sa palatandaan.

Mga Apelang Pangdisiplina

- (1) Ang magulang ng estudyanteng may kapansanan na hindi sang-ayon sa anumang pasya tungkol sa pagkakalagay sa lugar o pagpapasiya sa palatandaan, o isang paaralan na naniniwala na ang pagpapanatili ng kasalukuyang pagkakalagay ng estudyante ay malaki ang kalamangang magresulta sa pinsala sa estudyante o sa iba, ay maaaring mag-apela ng pasya sa pamamagitan ng paghiling sa pinabilis na angkop na proseso ng pagdinig sa harap ng Opisyal ng Pagdinig sa pamamagitan ng pagsampa ng petisyon sa Defense Office of Hearings and Appeals (DOHA) o Opisina ng mga Pagdinig at Apela ng Depensa, (sa ibaba sa ilalim ng Pagpapasimula ng isang Angkop na Proseso ng Pagdinig), kung naniniwala ang paaralan na ang pagbabalik sa bata sa orihinal na pagkakalagay sa lugar ay malaki ang kalamangang magresulta sa pinsala sa estudyante o sa ibang tao.
- (4) Kapag ginawa ang apela ng magulang o paaralan, dapat manatili ang estudyante sa pansamantalang AES habang hinihintay ang pasya ng Opiyal ng Pagdinig o hanggang sa pagkapaso ng natukoy na panahon ng oras, alinman ang unang maganap, maliban kung kundiman ay sumang-ayon ang magulang at ang sistema ng paaralan ng DoDEA.

SARILINANG PAGKAKALAGAY SA LUGAR

Ang isang sarilinang pagkakalalagay sa lugar ay nangyayari kapag gumawa ka ng isang sarilinang desisyon na ipatala ang estudyante sa opsyong pang-edukasyon na hindi inayos sa pamamagitan ng DoD. Ang pagkakalagay sa lugar na ito ay itinuturing na sarilinan kapag ang isang paaralan ng DoDEA ay nakahandang maglingkod sa isang batang nakadepende sa DoD na karapat-dapat sa isang edukasyon sa gastos ng DoD.

Kung sarilinan mong pinatala o nilagay ang anak mo sa anumang pang-edukasyong opsyon na hindi inayos sa pamamagitan ng DoD, hindi kailangang pondohan ng DoDEA ang gastos sa iyong sarilalang pasya, maliban kung inutusan ng Opisyal ng Pagdinig ang DoDEA na pondohan ang pagkakalagay sa lugar na iyon. Upang makakuha ka ng desisyon ng isang Opisyal ng Pagdinig na nagtatagubilin sa DoDEA na bayaran ang iyong sarilalang desisyon sa pagkakalagay sa lugar, dapat mong patunayan na ang programa ng DoDEA ay:

- Nabigong magkaloob sa iyong anak ng isang FAPE;
- Binigyan mo ang paaralan ng paunang nakasulat na paunawa na hindi kukulangin sa 10 araw ng trabaho ng iyong hangarin na alisin ang iyong anak sa paaralang DoDEA;
- Hindi nagawa ng paaralan na lutasin ang iyong mga alalahanin; at
- Ang iyong sarilalang pagkakalagay ay angkop para sa iyong anak.

Ang pagbawi ng mga gastusin mo sa sarilalang pagkakalagay sa lugar ay maaaring mabawasan o tanggihan ng Opisyal ng Pagdinig kung:

- Matapos na abisuhan ng DoDEA ng layunin nitong suriin ang estudyante mo (kasama ang layunin ng pagsusuri), nabigo kayong ihanda ang anak mo sa DoDEA para sa pagsusuri; o
- Tinanggal mo ang iyong anak mula sa paaralan ng DoDEA nang hindi nagkaloob sa paaralan ng hindi kukulangin sa 10 araw ng trabaho ng paunang nakasulat na paunawa ng mga alalahanin mo at pagnanais na magpatala sa hindi DoD na programa.

Ang mga probisyon ng seksyong ito ay hindi mai-a-aplay kung pinahintulutan ng DoDEA ang pagkakalagay sa lugar ng anak mo sa pribado o pag-aaral sa tahanang programa.

EDAD NG MAYORIYA

Sa DoDEA, ang iyong anak ay umabot sa edad ng mayoriya sa kaniyang ika- $\langle 69 \rangle 18 \langle /69 \rangle$ kaarawan. Ang mga karapatang ipinagkakaloob sa inyo, na (mga) magulang, ay inililipat sa inyong anak sa edad na 18 maliban kung ang inyong anak ay nagbigay ng nakasulat na pahintulot na patuloy kayong gagamit ng mga karapatan ng magulang; o nating ang iyong anak na legal na walang kakayahan alinsunod sa batas pederal o ng estado, o napagpasiyahan ng DoDEA na ang anak mo ay hindi makapagbibigay ng may-kaalamang pahintulot tungkol sa kanyang programang pang-edukasyon at nagtalaga ng (mga) magulang para ikatawan ang kanyang mga pang-edukasyong interes sa kabuuan ng panahon ng pagiging karapat-dapat. Ang lahat ng mga pagdinig sa espesyal na edukasyon kasama ang mga pandisiplinang pagdinig kahit na umabot na sa edad ng mayorya ang anak mo ay patuloy na ipapaalam sa iyo.

KARAPATAN SA LEGAL NA TAGAPAYO/PAGKATAWAN

Ikaw ay maaari, sa anumang oras, sumangguni sa legal na tagapayo o sa mga taong may pinagdalubhasaang kaalaman o pagsasanay tungkol sa mga estudyanteng may mga kapansanan. Ang iyong kinatawan ay maaaring samahan ka at iharap ang iyong kaso sa paaralan at/o Opisyal ng Pagdinig. Sa angkop na paraan ng pagdinig, ikaw o ang iyong kinatawan ay maaaring magharap ng katibayan at magsulit-tanong sa mga testigo.

PAGLUTAS NG MGA HINDI PINAGKASUNDUAN

Kung may mga alalahanin ka na may kaugnayan sa programang espesyal na edukasyon ng iyong anak, ang unang hakbang ay makipag-usap sa guro sa regular o espesyal na edukasyon ng iyong anak. Ang administrador ng paaralan ay naroon din upang tumulong sa paglutas ng mga isyu sa antas ng paaralan. Laging pinakamabuti na makipag-usap at magtrabaho sa pinakamababang antas sa paaralan ng iyong anak upang subukang lutasin ang mga isyu. Kung sakaling ang mga alalahanin ay hindi nalutas, maaari kang gumawa ng iba pang mga karagdagang hakbang upang harapin ang mga ito, kabilang ang paghiling ng isang pormal na pagpupulong ng CSC, pinadaling pagpupulong ng IEP, pamamagitan, pagsasampa ng administratibong reklamo at/o paghiling ng isang angkop na proseso ng pagdinig.

Pagpupulong ng CSC

Kasama sa pagpupulong ng CSC ang lahat ng mga inaatas na miyembro na kaugnay sa programa ng anak mo (hal. administrador ng paaralan, mga guro at tagapagkaloob ng serbisyo ng anak mo). Ang mga pagpupulong ng CSC ang pinaka-angkop na forum para matugunan ang mga alalahaning mayroon kayo tungkol sa programa at progreso ng anak mo. Ang istruktura ng pagpupulong ng CSC ay nagpapadali at nagdodokumento ng lahat ng mga komunikasyon. Nagbibigay ito ng dokumentasyon ng mga alalahanin at mga pagtangga mo pati na ang sagot ng paaralan sa mga alalahanin mo. Ang mga minuto ng pagpupulong at PWN ay nagsisilbing rekord para sa iyo at sa paaralan. Kung ang pagpupulong ng CSC ay nabigong gumawa ng isang pinagkasunduang solusyon sa mga problema at/o mga alalahanin, ikaw o ang DoDEA ay maaaring:

- Humingi ng Pinadaling IEP na pagpupulong;
- Humingi ng pagpupulong sa kawani sa lebel ng Distrito;
- Humingi (sa pamamagitan ng sulat) ng isang pamamagitan; o
- Humingi (sa sulat) ng isang angkop na proseso na pagdinig.

Pinadaling Pulong ng IEP

Kapag may hindi kayo pinagkasunduan o mga alalahanin tungkol sa programa/mga serbisyo sa espesyal na edukasyon ng iyong anak na hindi malulutas sa loob ng forum na pagpupulong ng CSC, ikaw o ang DoDEA ay maaaring magmungkahi ng Pinadaling Pagpupulong ng IEP. Ang indibiduwal na may pinagdalong pagsasanay mula sa labas ng paaralan/distrito ay dadalhin para tulungan ka at ang CSC na makaabot sa isang kasunduan at mga solusyon sa mga isyu at mga alalahanin. Ang Lider ng Pinadaling IEP na ito ay may kahusayan sa proseso ng paglutas ng hindi pagkakasunduan at madalas ay nakakatulong sa mga magulang at paaralang lumutas ng mga problema at makakamit ng positibong kalalabasan sa ngalan ng estudyante.

Pamamagitan

Maaari kang humiling sa DoDEA na mag-ayos ng pamamagitan sa tulong ng isang walang-kinikilingang ikatlong taong tagapamagitan upang tulungan ka at ang paaralan na magkasundo tungkol sa mga serbisyong espesyal na edukasyon ng iyong anak. Ang prosesong ito ng pamamagitan ay boluntaryo, at isinasagawa ng isang independiyente, bihasang tagapamagitan na hinirang ng DoDEA nang wala kang babayaran. Ang tagapamagitan ay hindi gumagawa ng mga pasiya o nagpapataw ng mga tungkulin sa mga partido. Sa pamamagitan, ang mga partido ay may buong kontrol sa proseso at madalas ay nakakayang makamit ang isang pagkakasundo kung saan ang magkabilang partido ay lubos na naninindigan.

Ang mga talakayang nangyayari sa proseso ng pamamagitan ay kompidensiyal at hindi maaaring gamitin bilang ebidensiya sa anumang mga kasunod na angkop na proseso ng pagdinig o mga sibil na paglilitis. Ang pagpupulong o mga pagpupulong ay itatakda sa mga oras at lugar na pinagkasunduan ninyo. Kung makarating kayo sa isang kasunduan sa paraan ng pamamagitan, inaatas ng DoDM 1342.12 sa mga partido na magsagawa ng isang nakasulat na kasunduan na maipapatupad sa isang hukuman ng batas.

Pagpapasimula ng isang Angkop na Proseso ng Pagdinig

Kapag ikaw at ang paaralan ay hindi nagkasundo tungkol sa pagkilala, pagsusuri, paglalagay, IEP o pagbibigay ng FAPE sa anak mo, ikaw o ang DoDEA ay maaaring humiling ng isang angkop na proseso ng pagdinig. Kapag ang isang reklamo (petisyon) para sa angkop na proseso ay iniharap sa Direktor ng Office Hearings and Appeals (DoHA), ang isang independiyenteng Opisyal ng Pagdinig ay itatalaga. Ang Opisyal ng Pagdinig ay magtitipun-tipon ng isang angkop na proseso ng pagdinig sa isang lokasyon kung saan ikaw at ang iyong anak ay naninirahan (o sa pamamaitan ng video-teleconference) at pamamahalaan ang pagpapalitan ng impormasyon, paghahanda para sa pagdinig, at pagsasagawa ng pagdinig.

Paunawa/Petisyon/Reklamo

Ang isang partidong nais magpasimula ng isang pagdinig ay dapat magbigay ng isang kopya ng petisyon (tinatawag ding abiso ng reklamo) sa Direktor, DOHA, Post Office Box 3656, Arlington, Virginia 22203 o sa pamamagitan ng e-mail sa specialedcomplaint@osdgc.osd.mil at sa punong-guro ng paaralan kung saan naka-enrol ang estudyante, o kung ang estudyante ay naka-enrol sa programang Hindi DoD na Paaralan, sa Pangkalahatang Tagapagpayo ng DoDEA. Ang pagsasampa ng petisyon ay ituturing na kumpleto kapag natanggap ng DOHA. Ang partidong nagsasampa ng petisyon ay hinihikayat ding magbigay ng isang kopya ng petisyon sa DoDEA Special Education Office sa DoDEA Headquarters, 4800 Mark Center Drive, Alexandria, VA 22350-1400. Magtatalaga ang Direktor ng isang Hukom ng Pampangasiwaan ng DOHA bilang isang Opisyal ng Pagdinig.

Takdang Panahon upang Magsampa

Ikaw o ang DoDEA ay maaaring humiling ng isang walang-kinikilingang angkop na proseso ng pagdinig sa loob ng 2 taon ng petsa na malaman mo o ng paaralan at dapat na nalaman ang tungkol sa paratang na aksyon na bumubuo ng batayan ng reklamo. Maaari kang makakuha ng karagdagang panahon upang humiling ng isang angkop na proseso ng pagdinig kung mapapatunayan mo na ikaw ay pinigilang humiling ng pagdinig dahil sa:

- Mga partikular na maling pahayag ng DoDEA na nalutas na nito ang problema na pinagbabatayan ng inyong reklamo; o
- Hindi pagbibigay ng DoDEA ng impormasyon na iniaatas na ibigay sa iyo sa ilalim ng bahagi B ng IDEA at mga regulasyon nito sa pagpapatupad, DoDI/DoDM 1342.12.

Impormasyon na Iniaatas na isama sa Petisyon

Ang nakasulat na petisyon ay dapat magsama ng:

- Pangalan ng iyong anak;
- Kanyang tirahan;
- Pangalan ng paaralan na pinapasukan ng iyong anak;

- Isang paglalarawan ng katangian ng bawat natukoy na problema;
- Isang paglalarawan para sa bawat iminumungkahi o ipinagkait na pagsisimula o mga pagbabago sa programang pang-edukasyon ng iyong anak; at
- Mga bagay na may kaugnayan sa bawat tinukoy na problema.

Upang matiyak na ang inyong petisyon sa angkop na proseso ay naiintindihan ng Opisyal ng Pagdinig at ng tumutugong paaralan, dapat mong malinaw na ipahayag ang katangian ng iyong di-pagsang-ayon sa mga tauhan ng paaralan, kung bakit sa palagay mo ay makakagawa ito ng pagkakaiba sa edukasyon ng iyong anak, at ilarawan ang partikular na tulong na hinihiling mo.

Nakasulat na Paunawa at Pagtugon

- Sa loob ng 10 araw ng trabaho pagkatanggap ng petisyon ng Direktor, DoHA, ang DoDEA ay dapat magpadala sa inyo ng isang sagot na partikular na tumutugon sa mga isyung inilagay sa reklamo.
- Kung hindi ka pabinibigyan ng paaralan ng PWN, ang sagot ay dapat na kasama ang: isang komprehensibong paliwanag sa PWN (hal., mga aksyon na iminungkahi o tinaggihan, isang paglalarawan ng ibang mga opsyon ng CSC na isinaalang-alang at ang mga dahilan kung bakit ang mga opsyon ay tinaggihan, isang paglalarawan ng bawat pagsusuri, pamamaraan, pagtasa, rekord o ulat na ginamit ng CSC bilang batayan ng desisyong iyon, at isang paglalarawan ng mga bagay na may kaugnayan sa mungkahi o pagtangga).

Hindi Sapat na Petisyon

Ang tumutugon ay maaaring magharap ng abiso ng hindi sapat na petisyon sa loob ng 15 araw ng negosyo nang pagkatanggap ng petisyon kung nais ng tumutugong hamunin ang pagiging sapat ng petisyon para sa kabiguang isaad ang mga elementong kailangan ng IDEA. Ang Opisyal ng Pagdinig ay magbibigay ng pasya at aabisuhan ang mga partido sa pamamagitan ng sulat ng determinasyong iyon sa loob ng 5 araw ng trabaho mula sa pagkatanggap ng paunawa ng hindi sapat na petisyon.

Sesyon ng Resolusyon (Pagpupulong)

Ang IDEA at ang DoDM 1342.12 ay nagbibigay sa inyo ng pagkakataon na makipagpulong sa paaralan upang ipaliwanag ang iyong reklamo para sa angkop na proseso, at bigyan ang DoDEA ng pagkakataon na lutasin ang iyong reklamo. Sa loob ng 15 araw ng kalendaryo pagkatapos matanggap ng Direktor, DoHA ang inyong petisyon (hal., paunawa o reklamo) na humihiling ng angkop na proseso, ang paaralan ay dapat na magsagawa ng Sesyon ng Resolusyon (o sa loob ng 7 araw ng kalendaryo sa kaso ng mga hiling para sa pinabilis na pagdinig). Ang sesyong ito ay isang pagpupulong sa pagitan ninyo (ang mga magulang), ng mga kaugnay na miyembro ng CSC ng inyong anak na may partikular na kaalaman sa mga bagay na tinukoy sa reklamo, at ng isang kinatawan ng DoDEA na may awtoridad na gumawa ng isang desisyon tungkol sa inyong petisyon.

Ang Sesyon ng Resolusyon ay dapat mangyari, maliban kung kayo at ang DoDEA ay gumawa ng nakasulat na kasunduan na talikdan ang Sesyon ng Resolusyon o na lumahok sa pamamagitan sa halip ng Sesyon ng Resolusyon. Sa katapusan ng 30 araw ng kalendaryo pagkatapos matanggap ng punong-guro ng paaralan ang isang petisyon, kung ang resolusyon ay hindi

nagawa, ang Opisyal ng Pagdinig ay maaaring manawagan ng isang petisyon sa angkop na proseso.

- **Kabiguang Lumahok:** Kung ang DODEA ay nag-alok ng isang pagpupulong upang magtipun-tipon para sa isang resolusyon at hindi nakakuha ng paglahok ng magulang sa pulong ng resolusyon matapos gumawa at magdokumento ng makatwirang pagpupunyagi nito, ang DoDEA ay maaari, sa pagtatapos ng panahon ng resolusyon (30 araw sa kalendaryo o 15 araw sa kalendaryo sa kaso ng isang pinabilis na pagdinig) na humiling na bale-walain ng opisyal ng pagdinig ang angkop na prosesong reklamo ng magulang o humiling ng pinabilis na angkop na prosesong pagdinig.
- **Mga Abugado:** Walang bayad sa abugado ang pinahintulutan para sa paglahok ng abugado sa sesyon ng resolusyon. Ang DoDEA ay maaari lamang magkaroon doon ng abugado kung ang magulang ay may kasamang abugado.
- **Maipapatupad ng Kasunduan sa Paglutas:** Kung ikaw at ang DoDEA ay makaabot sa mutual na pagkakasundo sa sesyon ng resolusyon, ikaw at ang kinatawan ng DoDEA ay maglalarawan ng kasunduang ito sa sulat. Ito ay isang may-bisang kasunduan, maipapatupad sa korte kapag nilagdaan ng magkabilang partido. Kahit na makalipas ang pagpirma, sa paanong paraan, ang bawat partido ay may karapatang repasuhin at ipawalang-bisa ang kasunduan sa loob ng 3 araw ng trabaho matapos lagdaan ang kasunduan.
- **Pagsasagawa ng Angkop na Proseso ng Pagdinig:** Bago magpatuloy sa angkop na proseso ng pagdinig, mangyaring kumonsulta sa DoDM 1342.12, para sa detalyadong talakayan ng mga karapatan at responsibilidad.
- **Mga Saksi at Pagsisiwalat ng Dokumentaryong Katibayan:** Hindi bababa sa 5 araw ng trabaho bago ang pagdinig, magpapalitan ang mga partido ng mga listahan ng lahat ng mga dokumento at materyales na nilalayon ng bawat partidong gamitin sa pagdinig, kasama ang lahat ng mga pagsusuri at mga ulat. Isisiwalat din ng bawat partido ang mga pangalan ng lahat ng mga saksi na nilalayon nitong tawagin sa pagdinig kasama ng panukala ng inaasahang testimonya ng bawat saksi. Hindi bababa sa 10 araw ng trabaho bago ang pagdinig, ang bawat partido ay dapat magbigay ng pangalan, titulo, paglalarawan ng mga propesyonal na kuwalipikasyon at buod ng panukalang testimonya ng sinumang ekspertong saksi na nilalayon nitong tawagin sa pagdinig. Maaaring tanggihan ng Opisyal ng Pagdinig ang paggamit ng katibayan na hindi naibahagi rito at magagamit ng magkabilang partido.
- **Paglutas sa Hindi Pagkakasundo:** Ang hindi pagkakasundo ay maaaring malutas sa pamamagitan ng pormal na oral na pagdinig sa harapan ng Opisyal ng Pagdinig na kasama ang magkabilang partido na naghaharap ng kani-kanyang mga kaso, o ang kaso ay maaaring isumite sa Opisyal ng Pagdinig batay sa nakasulat na rekord. Dapat mong abisuhan ang Opisyal ng Pagdinig sa pamamagitan ng sulat kung nais mong magkaroon ng pasya batay sa nakasulat na rekord sa halip na magkaroon ng pormal na oral na pagdinig. Maaaring tanggihan ng DoDEA ang hiling mong ipaubaya ang pagdinig, kung saang kaso ang Opisyal ng Pagdinig ang magpapasiya sa hiling.

- **Pasiya sa Pagdinig:** Ang Opisyal ng Pagdinig ay magbibigay ng mga natuklasang katotohanan at konklusyon ng batas nang hindi lalagpas sa 50 araw ng negosyo kasunod ang pagsampa at serbisyo ng isang legal na sapat na petisyon o inamyendahang petisyon at ang pagtanggap ng abiso ng opisyal ng pagdinig na ang 30-araw na panahon ng resolusyon ay natapos nang walang kasunduan, naipaubaya ng mga partido ang pulong ng resolusyon, o natapos ng mga partido ang pamamagitan kapalit ng proseso ng resolusyon nang hindi nakakaabot sa kasunduan.
- **Berbatim na Rekord:** Sa pagtatapos ng angkop na prosesong pagdinig, maaari kayong makakuha ng nakasulat o elektronikong rekord ng pagdinig.

APELANG PAMPANGASIWAAN NG DESISYON SA PAGDINIG:

Ikaw o ang DoDEA ay may karapatan na mag-apela ng isang desisyon ng Opisyal ng Pagdinig sa Lupon ng Apela ng DoHA sa loob ng 15 araw ng trabaho pagkatapos na matanggap ang desisyon ng Opisyal ng Pagdinig. Ang Apela ay dapat iharap sa Tagapangulo, Lupon ng Apela ng DoHA, sa address na tinukoy sa itaas para sa paghaharap ng isang petisyon. Sa loob ng 30 araw ng trabaho ng paghaharap ng abiso ng apela, ang partidong umaapela ay maghaharap ng isang nakasulat na pahayag ng mga usapin at mga argumento sa apela sa Tagapangulo, Lupon ng Apela ng DOHA. Ang umaapelang partido ay maghahatid ng isang kopya sa kabilang partido sa pamamagitan ng koreo. Ang hindi umaapelang partido ay maghaharap ng anumang sagot sa loob ng 20 araw ng trabaho mula sa pagkatanggap ng pahayag ng mga usapin at mga argumento ng umaapelang partido sa apela sa Tagapangulo, Lupon ng Apela ng DOHA. Ang hindi-umaapelang partido ay maghahatid ng isang kopya ng sagot sa umaapelang partido sa pamamagitan ng koreo. Ang Lupon ng Apela ng DOHA ay maglalabas ng isang desisyon sa mga apela ng lahat ng partido sa loob ng 45 araw ng trabaho pagkatapos na matanggap ang usapin.

MGA SIBIL NA AKSYON

Alinmang partido (ang magulang o ang DoDEA) na naagrabyado ng desisyon ng Lupon ng Apela ng DoHA ay may karapatang magharap ng sibil na aksyon tungkol sa bagay na paksa ng angkop na proseso ng pagdinig (kabilang ang isang pagdinig na may kinalaman sa mga pamamaraan ng disiplina). Ang aksyon ay maaaring dalhin sa isang hukuman ng distrito ng Estados Unidos na may kakayahang hurisdiksiyon. Ang sibil na aksyon ay dapat iharap sa loob ng 90 araw ng kalendaryo pagkaraan ng petsa na natanggap mo ang desisyon ng Lupon ng Apela. Upang matiyak ang pagsunod sa angkop na paghaharap at ibang mga tuntunin ng pamamaraan upang hindi mawala ang iyong karapatang magharap ng isang sibil na aksyon, dapat kang, sa pinakamababa, sumangguni sa Pederal na mga Tuntunin sa Pamamaraang Sibil, sa mga tuntunin ng lokal na hukuman, at tagapayong pambatas.

MGA BAYAD SA ABUGADO

Ang isang Pederal na Hukuman ng Estados Unidos ay maaaring maggawad ng makatwirang bayad sa abugado sa isang nanalong partido sa anumang aksyong pampangasiwaan o pamamaraan ng hukuman na ipinahintulot ng IDEA.

KONKLUSYON

Kami sa DoDEA ay umaasa na ang patnubay na ito ay nagkaloob sa iyo, ang magulang, ng karagdagang paglilinaw ng maraming karapatan mo at ng iyong anak. Ang DoDEA ay nakalaang lumikha ng isang pakikipagtulungang pang-edukasyon sa iyo na may hangarin na magkaloob ng mga mahuhusay na serbisyong espesyal na edukasyon sa iyong anak alinsunod sa Instruksiyon 1342.12 ng DoD. Kung sa anumang oras ikaw ay may mga karagdagang tanong tungkol sa programang pang-edukasyon ng iyong anak, mangyaring huwag mag-atubiling makipag-usap sa guro sa silid-aralan ng iyong anak at/o espesyal na tagapagturo, at/o administrador ng paaralan.